Kaguruan

Dr. Michael M. Coroza	Tagapangulo
Dr. Christoffer Mitch C. Cerda	Kawaksing Tagapangulo
Dr. Allan Alberto N. Derain	Direktor, AILAP
Dr. Alvin B. Yapan	Patnugot, Katipunan
Mr. Christian Jil R. Benitez	Katuwang na Patnugot, Katipunan

Mr. Aristotle J. Atienza
Dr. Christine Bellen-Ang
Dr. Gary C. Devilles
Mr. Ariel A. Diccion
Mr. Jomar I. Empaynado
Ms. Carlota B. Francisco
Dr. J. Pilapil Jacobo
Mr. Mark Benedict F. Lim
Ms. Glenda C. Oris
Dr. Allan C. Popa
Dr. Jerry C. Respeto
Dr. Joseph T. Salazar
Dr. Edgar C. Samar
Dr. Corazon L. Santos
Mr. Jethro Niño P. Tenorio
Ms. Andrea Anne I. Trinidad
Dr. Claudette M. Ulit

KAGAWARAN NG FILIPINO
PAMANTASANG ATENEO DE MANILA

3/F HORACIO DELA COSTA BUILDING
Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Katipunan, Quezon City 1108

Mobile: 0961 0372448
Phone: 8426 6001 ext. 5320
Fax: 426 6001 ext. 5321
E-mail: filipino.soh@ateneo.edu

ATENEO DE MANILA UNIVERSITY

KAGAWARAN NG FILIPINO

Paaralan ng Humanidades,
Mga Paaralan ng Loyola

Pahayag-Misyon

Taglay ang atas ng Pamantasang Ateneo de Manila na magsilbing tagaingat at tagasulong ng kabang-yaman ng Kulturang Filipino nang isinasaalang-alang ang pana-panahong pagbabago ng kasaysayan at lipunang sarili at pati ng sa mundo, itinatakda ng Kagawaran ng Filipino ang propesyunal at multidisiplinaryong pagtugon sa pangangailangan na iuwi at iugat sa sariling kultura ang pamantasan at lahat ng pinaglilingkuran nito hindi sa pamamagitan ng pagtatakwil sa mga kaalamang hiram kundi sa integrasyon nito sa mga kaalamang sarili. Isasagawa ito sa pakikisangkot sa malikhaing praktis, pagtuturo, at pagsasaliksik na walang humpay na pinatitining at pinalalaya ng espiritwalidad ni San Ignacio.

Established in 1975, the Department of Filipino upholds the language policy of the Ateneo de Manila University for bilingual education. All students are required to take six units, equivalent to two courses, as part of the core curriculum on the appreciation of Philippine literature written in the national language, literary history and popular culture.

The Department of Filipino boasts of having nurtured among its faculty such distinguished names as National Artist Rolando S. Tinio who served as its first chairperson, Policarpio B. Peregrino, Buenaventura S. Medina, Jr., Nenita O. Escasa, Florentino H. Hornedo, Soledad S. Reyes, Rofel G. Brion, Fe Laura R. Quetua and Benilda S. Santos, among others.

Mga Programa

Iniuugat ng mga programa ng Kagawaran ng Filipino ang edukasyon ng Atenista sa kulturang bayan samantalang pinauunlad din ng mga kaalaman sa panitikan ng mga bayang Silanganin at Kanluranin. Gamit ang pag-aaral ng panitikang Filipino bilang panimulang hakbang, hinuhubog ang mag-aaral na makapagpatuloy sa pagpapakadalubhasa sa Panitikang Filipino, rehiyonal at etniko, upang maging mabisa siyang propesyunal sa mga larang ng edukasyon, pananaliksik at kritisismong pampanitikan at pangwika, malikhaing pagsulat, pagsasalin, komunikasyon, at iba pang kultural na gawain sa loob ng pagtatrabaho sa gobyerno at pribadong sektor, maging sa mga global at internasyonal na pakikisangkot.

AB Panitikang Filipino

Bukas para sa lahat ng mag-aaral sa antas ng kolehiyo. Higit nang nakatuon ang binagong programa ng AB Panitikang Filipino sa mga bagong larang ng pag-aaral na pampanitikan at kultural. Hindi na lamang nakakahon sa mga pag-aaral ng mga anyong pampanitikan at karaniwang kritikal na kategorya ang programa; bagkus, ipinakikilala na rin nito ang mga pag-aaral sa katawan, damdamin at pandama, mga topograpiya, mitopoetika, performance, diaspora, mga pagsasalin at pag-aangkop, araling siyudad, ekolohiya, mga nilalang at panahon, at iba pang pakikisangkot na interdisiplinaryo ng pampanitikang pag-aaral at kultural.

AB/MA Panitikang Filipino

Isang espesyal na programa na bukas para sa mga mag-aaral na kumukuha ng AB Panitikang Filipino na magpapakita ng kahusayang tapusin nang tuloy-tuloy sa loob ng limang taon ang di-gradwado (AB) at gradwadong (MA) programa. Iniaalok ng Kagawaran ang AB/MA Panitikang Filipino sa mga mag-aaral na nagtamo ng matataas na marka sa antas di-gradwado at nagpamalas ng sigasig na makapag-ambag sa higit na pag-unlad ng pananaliksik sa larang ng Panitikang Filipino.

Minor Panitikang Filipino

Bukas para sa lahat ng mag-aaral sa antas ng kolehiyo, na nais pagyamanin pa ang kanilang kaalaman sa kultura, wika at panitikang Filipino nang higit pa sa itinuturo sa core curriculum. Kinakailangan lamang ang karagdagang 15 unit, katumbas ng 5 kurso, na kukunin sa loob ng Kagawaran ng Filipino. Kabilang sa mga nasabing kurso ang mga introduksiyon sa pampanitikang pag-aaral, teoryang pampanitikan at pangkultura, at postkolonyalismo.

MA Panitikang Filipino

Bukas para sa lahat ng mag-aaral na nakapagtapos na ng kanilang kolehiyo sa anumang larangan, at nais magpakadalubhasa sa Panitikang Filipino. May ibinibigay na 50% diskuwento sa matrikula sa mga gurong papasok sa programa. Kinakailangan lamang magpasa ng sertipikasyong magpapatunay ng panunungkulan bilang guro sa pinaglilingkurang institusyon. Nakatuon sa pananaliksik ang programa. Sasanayin ang mag-aaral sa iba't ibang paraan ng pagsusuri at pananaliksik na pampanitikan at pangkultural. Nagwawakas ang daloy ng progama ng mag-aaral na papasok sa MA Panitikang Filipino sa pagpapasa ng tesis. Maaari silang magpasa ng tesis na produkto ng pananaliksik pampanitikan o kultural, pagsasalin, o malikhaing pagsulat.

MA Pagtuturo ng Filipino

Bukas para sa lahat ng mag-aaral na nakapagtapos na ng kanilang kolehiyo sa anumang larangan, at nais magpakadalubhasa sa pagtuturo ng Panitikang Filipino sa anumang antas. May ibinibigay na 50% diskuwento sa matrikula sa mga gurong papasok sa programa. Kinakailangan lamang magpasa ng sertipikasyong magpapatunay ng panunungkulan bilang guro sa pinaglilingkurang institusyon.

Kaiba sa sa pagpapakadalubhasa sa larang ng edukasyon, higit na pagtutuunan ng programa ang pagpapayaman ng kaalaman ng mag-aaral sa panitikang Filipino kaysa sa mga estratehiya ng pedagohiya. Nagwawakas ang daloy ng progama ng mag-aaral na papasok sa MA Pagtuturo ng Filipino sa pagpapasa ng tesis na kaugnay ng pagbubuo ng mga kasangkapang panturo nang ginagamit na nilalaman ang mga natutunan sa panitikang Filipino. Maaari silang magpasa ng tesis na koleksiyon ng mga modyul, silabus, teksbuk, o programa ng pagtuturo.

AILAP (Ateneo Institute of Literary Arts and Practices)

Nagsisilbing tahanan ang Kagawaran ng Filipino ng Ateneo Institute of Literary Arts and Practices. Itinatag ang AILAP bilang tagapangalaga ng iba't ibang gawaing pampanitikan at pang-sining sa loob at labas ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nais makapag-ambag ng AILAP sa higit pang ikauunlad ng panitikan sa bansa sa pamamagitan ng pagbubuo ng samahan ng mga manunulat at mga alagad ng sining. Isinasakatuparan nito ang ganitong adhikain sa pamamagitan ng paglulunsad ng Ateneo National Writers Workshop (ANWW) na mahigit nang isang dekada sa pagsuporta sa mga baguhang manunulat sa iba't ibang panig ng bansa. Naglalathala rin ang AILAP ng mga publikasyon katulad ng Ubod New Authors Series II, at nagsasagawa ng mga kumperensiya, at iba pang mga kultural na gawain.

KATIPUNAN: Dyornal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino

Bilang isang dyornal na dumaan sa pagkilatis ng mga kapwa dalubhasa, naglilimbag ang Katipunan ng pinakabagong pananaliksik na isinusulong ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, at nililinang ang larang ng araling Filipino. Inilalabas nang taunan ang isyu ng dyornal. Unang lumabas ang dyornal noong 1971, na may pamagat na Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham (Katipunan: Journal of Arts and Sciences), sa ilalim ng pamamatnugot ni Nicanor Tiongson, at nina Bienvenido Lumbera at Virgilio Almario bilang mga katuwang na patnugot, na ngayo'y kapwa na mga Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan. Kabahagi ang Katipunan noon ng mga publikasyon sa ilalim ng Paaralan ng Sining at Agham (School of Arts and Sciences) ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nakapaglabas noon ang dyornal ng apat na isyu, at nahinto ang publikasyon sa pagtatapos ng taong 1971.